

*Ang karaniwang panahon ay iba-iba depende sa mga pangangailangan ng kalahok

Karaniwang
Panahon

Unang
30-90
Araw

Susunod
na
30-90
Araw

Huling
30
Araw

1 **Oryentasyon**

Magparehistro para sa oryentasyon para sa SDP. Ipaalam sa iyong Tagapag-ugnay ng Serbisyo kung interesado kang magpatuloy.

2 **Independiyenteng Tagapangasiwa (IF) * opsyonal**

Kung ninanais, makipag-ugnayan sa isang Independiyenteng Tagapangasiwa upang matulungan ka sa pagbuo ng Planong Nakasentro sa Tao (PCP). Ito ay pinopondohan ng sentrong panrehiyon.

3 **Mga Serbisyo ng Pamamahala sa Pananalapi (FMS)**

Simulang tuklasin ang FMS at magtanong tungkol sa kanilang mga modelo ng FMS.

4 **Pagpupulong para sa Paunang Pagpapalano**

Magpa-iskedyul ng pagpupulong para sa paunang pagpapalano kasama ang iyong Tagapag-ugnay ng Serbisyo upang masuri ang ulat ng PCP (kung naaangkop), suriin ang mga pangangailangan at simulan ang pagpapalano para sa mga susunod na hakbang sa SDP.

5 **Badyet para sa SDP**

Ang iyong Tagapag-ugnay ng Serbisyo ay magbubuo ng badyet para sa SDP batay sa mga tinasang serbisyo at mga pangangailangang hindi natutugunan. Bibigyan ka niya ng kopya ng sinertipikahang badyet.

6 **Plano ng Paggasta**

Kung sumasang-ayon ka sa badyet, maaari kang magpatuloy sa pagbuo ng Plano ng Paggasta at ibahagi ang kopya sa iyong Tagapag-ugnay ng Serbisyo.

7 **Plano ng Paggasta ng Harbor**

Rerepasuhin ng Harbor ang iyong plano ng paggasta at bibigyan ka ng inaprubahang Plano ng Paggasta ng Harbor para iyong marepaso at malagdaan kung ikaw ay sumasang-ayon.

8 **Ipadala ang mga Dokumento sa FMS**

Kukumpletuhin ng Harbor ang mga awtorisasyon at ibibigay ang mga awtorisasyon kasama ang inaprubahang Plano ng Paggasta ng Harbor sa FMS 15 araw bago ang petsa ng pagsisimula (Unang araw ng sumusunod na buwan).

9 **Naka-live na Petsa**

Naka-live ka na ngayon sa SDP! makikipagpulong ka sa iyong Tagapag-ugnay ng Serbisyo nang personal sa loob ng unang dalawang linggo upang isapinal ang Pang-indibidwalna Plano ng Programa (IPP) at lagdaan ang mga dokumentong IPP.

I-scan para matignan ang impormasyon sa SDP

